

# Paano Maghanda para sa mga Nakaplanong Pagkawala ng Tubig



Kung minsan, kinakailangan ang mga nakaplanong pagkawala ng tubig para mapanatiling dumadaloy ang panrehiyong sistema ng Seattle ng naiinom na tubig na may ligtas, maaasahan, at masarap na tubig para sa mahigit 1.5 milyong taong pinaglilingkuran namin. Nakaiskedyul nang mas maaga ang mga pagkawala ng tubig na ito at pinapayagan ang mga tauhan ng Seattle Public Utilities (SPU) para magsagawa ng regular na pagmementina at mga pagkukumpuni.

Ang mga proyektong konstruksyon at pagpapaunlad na pinamumunuan ng SPU o iba pang ahensya ay maaari ding mangailangan ng mga pansamantalang pagkawala ng tubig para makapagsagawa ng mga pagpapahusay sa utility. Kung minsan, ang ganitong mga uri ng mga proyekto ay nangangailangan ng dalawa hanggang tatlong pagpapatay ng tubig na tumatagal nang hanggang 12 oras bawat isa habang isinasagawa ang konstruksyon.

Bagama't nagsusumikap kami para matiyak na ang mga nakaplanong pagkawala ng tubig ay maikli hangga't maaari, alam naming may epekto pa rin ang mga ito sa mga kustomer. Ito ang maaasahan mo mula sa SPU para sa mga nakaplanong pagkawala ng tubig:

1. May ihahatid na pansabit sa pinto sa iyong bahay sa loob ng hindi bababa sa dalawang araw bago ang nakaiskedyul na pagkawala ng tubig. Nasa pansabit sa pinto ang petsa, oras, at tagal ng pagkawala at isang numerong puwedeng tawagan kung mayroon kang katanungan.
2. Kung nakatira ka sa isang gusali o apartment na maraming naninirahang pamilya, aabisuhan ng SPU ang manager ng gusali tungkol sa pagkawala ng tubig. Kung may access, maglalagay ang SPU ng mga pansabit sa pinto sa lobby ng gusali para makita ng mga nangungupahan. Pakitandaang hindi makakapaghatid ang SPU ng mga pansabit sa pinto sa mga indibiduwal na yunit sa mga gusali.
3. Makikipagtulungan ang SPU sa mga negosyo at paaralan para tumulong na matukoy ang pinakamagandang oras para magpatay ng tubig. Nangangahulugan ito na maaaring mangyari ang pagkawala ng tubig at kaugnay na gawain sa gabi o kapag sarado ang mga negosyo o paaralan.



## Ito ang ilang tip para tulungan kang maghanda para sa isang nakaplanong pagkawala ng tubig

*Bago ang pagkawala ng tubig:*

- Punuin ng tubig ang mga kaldero sa kalan para sa pagluluto
- Punuin ng tubig ang ilang timba para sa paghuhugas
- Punuin ng inuming tubig ang mga lalagyan para sa pag-inom. Tantyahin na kailangan ng isang galon ng inuming tubig kada tao kada araw.
- Punuin ng tubig ang mga bathtub at gumamit ng mga timba para i-flush ang mga inidoro. Magpa-flush ang isang inidoro kapag humigit-kumulang isang galon ng tubig ang itinapon sa inidoro.

*Habang walang tubig:*

- Subukang huwag buksan ang mga gripo. Maiiwasan nitong pumasok ang hangin sa iyong mga tubo.

## Ibang kulay ng tubig pagkatapos ng pagkawala

Kung minsan, maaaring maantala ng mga pagkawala ng tubig ang direksyon o daloy ng tubig sa sistema ng inuming tubig ng Lungsod. Kapag nangyari ito, puwedeng makaranas ng pansamantalang pagkaiba ng kulay ng tubig ang mga kustomer sa o nasa malapit sa lugar na nawalan ng tubig. Ang ibang kulay ng tubig ay nagmumula sa kalawang sa panloob na tubo at sediment na nahahalo kapag binuksan ang gripo pagkatapos ng pagkawala ng tubig.

Kusa ring lilinaw ang tubig. Subukang padaluyin ang malamig na tubig nang ilang minuto para Makita kung lumilinaw ito o iba pa rin ang kulay. Kung hindi lumilinaw ang tubig, hayaan muna ang tubig sa loob ng isa o dalawang oras. Pagkatapos, padaluyin ang malamig na tubig nang ilang minuto sa iyong bathtub o shower. Kung nasa pinakadulong linya ang iyong bahay, maaaring mas matagal bago ito luminaw. Kung iba pa rin ang kulay ng tubig, makipag-ugnayan sa Operations Response Center ng SPU sa (206) 386-1800.

Iwasang magpadaloy ng mainit na tubig kung iba ang kulay ng malamig na tubig. Maiiwasan nito na mapuno ng malabong tubig ang tangke ng mainit na tubig. Kung naglalaba ka ng damit kapag nangyari ito, mas mabuting ihinto ang cycle habang puno ito at maghintay hanggang sa mayroon nang malinis na tubig para magtapos. Kung hahayaan mong maubos ang tubig sa washing machine at mapunta sa spin cycle, mas malamang na magdulot ito ng permanenteng mantsa sa mga labahin.